

Nourish the Roots, and the Branches Will Grow

By Elder Dieter F. Uchtdorf
Of the Quorum of the Twelve Apostles

Patabain ang mga Ugat, at Lalago ang mga Sanga

Ni Elder Dieter F. Uchtdorf
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

October 2024 general conference

The branches of your testimony will draw strength from your deepening faith in Heavenly Father and His Beloved Son.

Kukuha ng lakas ang mga sanga ng inyong patotoo sa lumalalim na pananampalataya ninyo sa Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak.

An Old Chapel in Zwickau

The year 2024 is something of a milestone year for me. It marks 75 years since I was baptized and confirmed a member of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints in Zwickau, Germany.

My membership in the Church of Jesus Christ is precious to me. To be counted among God's covenant people, with you, my brothers and sisters, is one of the greatest honors of my life.

When I think about my personal journey of discipleship, my mind often goes back to an old villa in Zwickau, where I have cherished memories of attending sacrament meetings of the Church of Jesus Christ as a child. It is there where the seedling of my testimony received its earliest nourishing.

This chapel had an old air-driven organ. Every Sunday a young man was assigned to push up and down the sturdy lever operating the bellows to make the organ work. I sometimes had the great privilege of assisting in this important task.

While the congregation sang our beloved hymns, I pumped with all my strength so the

Isang Lumang Kapilya sa Zwickau

Ang taong 2024 ay isang mahalagang taon sa yugto ng aking buhay. Sa taong ito, ika-pitumpu't limang taon na akong nabinyagan at kinumpirmang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Zwickau, Germany.

Ang pagiging miyembro ko sa Simbahan ni Jesucristo ay napakahalaga sa akin. Ang mapabilang sa mga pinagtipanang tao ng Diyos, kasama ninyo, mga kapatid, ay isa sa pinakamalaking karangalan sa buhay ko.

Kapag iniisip ko ang personal kong paglalakbay bilang disipulo, madalas na bumabalik sa isip ko ang isang lumang villa sa Zwickau, kung saan ay nagkaroon ako ng mga katangi-tanging karanasan sa mga pagdalo sa sacrament meeting ng Simbahan ni Jesucristo noong bata pa ako. Doon unang nakatanggap ng pag-aalaga ang binhi ng aking patotoo.

Ang kapilyang ito ay may lumang organong ginagamitan ng hangin para mapatugtog. Tuwing Linggo, isang binatilyo ang nakaatas na magtaas at magbaba ng matibay na lever o hawakan na nagpapagana sa bellows o bulusan para tumunog ang organo. Minsan ay nagkakaroon ako ng malaking pribilehiyong tumulong sa mahalagang gawaing ito.

Habang kinakanta ng kongregasyon ang paborito naming mga himno, buong-lakas akong

organ would not run out of wind. From the bellows operator seat, I had a great view of some stunning stained-glass windows, one depicting the Savior Jesus Christ and another portraying Joseph Smith in the Sacred Grove.

I can still remember the sacred feelings I had as I looked at those sunlit windows while listening to the testimonies of the Saints and singing the hymns of Zion.

In that holy place, the Spirit of God bore witness to my mind and heart that it was true: Jesus Christ is the Savior of the world. This is His Church. The Prophet Joseph Smith saw God the Father and Jesus Christ and heard Their voices.

Earlier this year, while on assignment in Europe, I had the opportunity to return to Zwickau. Sadly, that beloved old chapel isn't there anymore. It was torn down many years ago to make room for a large apartment building.

What Is Eternal, and What Is Not?

I admit that it's sad to know that this beloved building from my childhood is now just a memory. It was a sacred building to me. But it was just a building.

By contrast, the spiritual witness I gained from the Holy Ghost those many years ago has not passed away. In fact, it has grown stronger. The things I learned in my youth about the fundamental principles of the gospel of Jesus Christ have been my firm foundation throughout my life. The covenant connection I forged with my Heavenly Father and His Beloved Son has stayed with me—long after the Zwickau chapel was dismantled and the stained-glass windows were lost.

“Heaven and earth shall pass away,” Jesus said, “but my words shall not pass away.”

“The mountains shall depart, and the hills be removed; but my kindness shall not depart from thee, neither shall the covenant of my peace be

nagtataas at nagbababa ng hawakan para hindi maubusan ng hangin ang organo. Mula sa upuan ng operator ng mga bulusan, tanaw ko ang ilang nakamamanghang stained-glass window, ang isa ay naglalarawan sa Tagapagligtas na si Jesucristo at ang isa naman ay naglalarawan kay Joseph Smith sa Sagradong Kakahuyan.

Naaalala ko pa ang mga sagradong damdaming naramdaman ko habang tinatanaw ko ang mga bintanang iyon na nasisikatan ng araw habang nakikinig ako sa mga patotoo ng mga Banal at sa pag-awit nila ng himno ng Sion.

Sa banal na lugar na iyon, nagpatotoo sa aking isipan at puso ang Espiritu ng Diyos na totoo na: si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan. Ito ang Kanyang Simbahan. Nakita ni Propetang Joseph Smith ang Diyos Ama at si Jesucristo at narinig niya ang Kanilang mga tinig.

Sa pagsisimula ng taong ito, habang nasa isang assignment ako sa Europe, nagkaroon ako ng oportunidad na bumalik sa Zwickau. Nakalungkot na ang luma at minamahal kong kapilya ay wala na roon. Giniba ito maraming taon na ang nakalilipas upang tayuan ng isang malaking apartment building.

Ano ang Walang Hanggan, at Ano ang Hindi?

Aminado ako na nalungkot ako nang malaman na ang minamahal na gusaling ito mula sa aking pagkabata ay isang alaala na lamang ngayon. Isa itong sagradong gusali para sa akin. Ngunit isa lamang itong gusali.

Sa kabilang banda, ang espirituwal na patotoong nakuha ko mula sa Espiritu Santo maraming taon na ang nakararaan ay naroroon pa rin. Sa katunayan, higit pa itong lumakas. Ang mga bagay na natutuhan ko noong kabataan ko tungkol sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo ang naging matibay kong pundasyon sa buong buhay ko. Ang tipan na nagbibigkis sa akin sa Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak ay nanatili sa akin—maging pagkaraang buwagin ang kapilya sa Zwickau at mawala ang mga stained-glass window nito.

“Ang langit at lupa ay lilipas,” sinabi ni Jesus, “ngunit ang aking mga salita ay hindi lilipas.”

“Sapagkat ang mga bundok ay maglalaho at ang mga burol ay maaalis, ngunit ang aking kabaitan kailanman ay hindi maglalaho sa iyo, ni

removed, saith the Lord.”

One of the most important things we can learn in this life is the difference between what is eternal and what is not. Once we understand that, everything changes—our relationships, the choices we make, the way we treat people.

Knowing what is eternal and what is not is key to growing a testimony of Jesus Christ and His Church.

Don't Mistake the Branches for the Roots

The restored gospel of Jesus Christ, as the Prophet Joseph Smith taught, “embrace[s] all, and every item of truth.” But that doesn’t mean that all truth is of equal value. Some truths are core, essential, at the root of our faith. Others are appendages or branches—valuable, but only when they are connected to the fundamentals.

The Prophet Joseph also said, “The fundamental principles of our religion are the testimony of the Apostles and Prophets, concerning Jesus Christ, that He died, was buried, and rose again the third day, and ascended into heaven; and all other things which pertain to our religion are only appendages to it.”

In other words, Jesus Christ and His atoning sacrifice are the root of our testimony. All other things are branches.

This is not to say that the branches are unimportant. A tree needs branches. But as the Savior told His disciples, “The branch cannot bear fruit of itself, except it abide in the vine.” Without a connection to the Savior, to the nourishment found in the roots, a branch withers and dies.

When it comes to nourishing our testimonies of Jesus Christ, I wonder if we sometimes mistake the branches for the roots. This was the mistake Jesus observed in the Pharisees of His day. They paid so much attention to the relatively minor details of the law that they ended up neglecting what the Savior called “the weightier

ang tipan ng aking kapayapaan ay maaalis, wika ng Panginoon.”

Ang isa sa pinakamahahalagang bagay na matututuhan natin sa buhay na ito ay ang malaman kung ano ang walang hanggan at ano ang hindi. Kapag naunawaan natin iyan, nagbabago ang lahat—ang ating mga relasyon, ang mga pagpili na ginagawa natin, ang pakikitungo natin sa mga tao.

Ang malaman kung ano ang walang hanggan at ano ang hindi ang susi sa paglago ng patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang Simbahan.

Huwag Pagkamalang ang mga Sanga ay mga Ugat

Ang ipin anum balik na ebanghelyo ni Jesucristo, tulad ng itinuro ni Propetang Joseph Smith, ay “tinatanggap ang lahat, at ang lahat ng katotohanan.” Ngunit hindi ibig sabihin nito na lahat ng katotohanan ay may pare-parehong kaalalahanan. Ang ilang katotohanan ay kinakailangan, mahalaga, ugat ng ating pananampalataya. Ang iba ay pandagdag lamang o mga sanga—mahalaga lamang kung ang mga ito ay nakasalig sa mga pangunahing katotohanan.

Sinabi rin ni Propetang Joseph Smith, “Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, kay Jesucristo, na Siya’y namatay, inililing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng iba pang bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay mga kalakip lamang dito.”

Sa ibang salita, si Jesucristo at ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo ang ugat ng ating patotoo. Lahat ng iba pang bagay ay sanga lamang.

Hindi nangangahulugang hindi mahalaga ang mga sanga. Kailangan ng puno ang mga sanga. Ngunit tulad ng sinabi ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo, “[Ang] sanga [ay] hindi magbubunga buhat sa kanyang sarili malibang nakakabit [ito] sa puno.” Kapag walang koneksyon sa Tagapagligtas, sa sustansiyang matatagpuan sa mga ugat, ang isang sanga ay matutuyo at mamamatay.

Sa pagpapalakas sa ating patotoo kay Jesucristo, iniisip ko kung napagkakamalan natin minsan na ang mga sanga ay mga ugat. Ito ang pagkakamaling napansin ni Jesus sa mga Fariseo noong Kanyang panahon. Lubos silang nagtuon ng pansin sa mga maliliit na detalye ng batas kaya sa huli ay napabayaang nila ang tinatawag

matters”—fundamental principles like “justice and mercy and faith.”

If you want to nourish a tree, you don’t splash water on the branches. You water the roots. Similarly, if you want the branches of your testimony to grow and bear fruit, nourish the roots. If you are uncertain about a particular doctrine or practice or element of Church history, seek clarity with faith in Jesus Christ. Seek to understand His sacrifice for you, His love for you, His will for you. Follow Him in humility. The branches of your testimony will draw strength from your deepening faith in Heavenly Father and His Beloved Son.

For example, if you want a stronger testimony of the Book of Mormon, focus on its witness of Jesus Christ. Notice how the Book of Mormon testifies of Him, what it teaches about Him, and how it invites and inspires you to come unto Him.

If you’re seeking a more meaningful experience in Church meetings or in the temple, try looking for the Savior in the sacred ordinances we receive there. Find the Lord in His holy house.

If you ever feel burned out or overwhelmed by your Church calling, try refocusing your service on Jesus Christ. Make it an expression of your love for Him.

Nourish the roots, and the branches will grow. And in time, they will bear fruit.

Rooted and Built Up in Him

Strong faith in Jesus Christ doesn’t happen overnight. No, in this mortal world, it’s the thorns and thistles of doubt that grow spontaneously. The healthy, fruitful tree of faith requires intentional effort. And a vital part of that effort is making sure we are firmly rooted in Christ.

ng Tagapagligtas na “higit na mahahalagang bagay”—mga pangunahing alituntunin na tulad ng ‘katarungan at awa at pananampalataya.”

Kung gusto ninyong lumaki ang puno, hindi kayo magsasaboy ng tubig sa mga sanga. Didiligan ninyo ang mga ugat. Gayundin, kung nais ninyong lumago at magbunga ang mga sanga ng inyong patotoo, palakasin ninyo ang mga ugat. Kung hindi kayo sigurado tungkol sa isang partikular na doktrina o gawain o elemento ng kasaysayan ng Simbahan, maghanap ng kaliwanagan nang may pananampalataya kay Jesucristo. Hangarin ninyong maunawaan ang Kanyang sakripisyo para sa inyo, ang Kanyang pagmamahal sa inyo, ang Kanyang kalooban para sa inyo. Sumunod sa Kanya nang may pagpapakumbaba. Kukuha ng lakas ang mga sanga ng inyong patotoo sa lumalalim na pananampalataya ninyo sa Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak.

Halimbawa, kung nais ninyo ng mas malakas na patotoo sa Aklat ni Mormon, magtuon sa patotoo nito tungkol kay Jesucristo. Pansinin kung paano nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon sa Kanya, kung ano ang itinuturo nito tungkol sa Kanya, at kung paano kayo inaanyayahan at binibigyang-inspirasyon nito na lumapit sa Kanya.

Kung naghahanap kayo ng mas makabuluhang karanasan sa mga miting ng Simbahan o sa templo, subukang hanapin ang Tagapagligtas sa mga sagradong ordenansang natatanggap natin doon. Hanapin ang Panginoon sa Kanyang banal na bahay.

Kung nakakaramdam kayo ng pagod o nalulula na sa dami ng tungkulin ninyo sa Simbahan, subukang ituong muli ang inyong paglilingkod kay Jesucristo. Ipadama ang inyong pagmamahal sa Kanya.

Patabain ang mga ugat, at lalago ang mga sanga. At hindi magtatagal, mamumunga ang mga ito.

Nakaugat at Nakatayo sa Kanya

Ang pagkakaroon ng malakas na pananampalataya kay Jesucristo ay hindi nangyayari sa isang magdamag. Hindi, sa mortal na mundong ito, mga tinik at dawag ng pag-aalinlangan ang kusang tumutubo. Ang pagtubo ng malusog, hitik sa bungang puno ng pananampalataya ay nangailangan ng intensyonal na pagsusumikap. At mahalagang parte ng pagsusumikap na iyan ang

For example: At first, we may be drawn to the Savior's gospel and Church because we are impressed by the friendly members or by the kind bishop or the clean looks of the chapel. These circumstances are certainly important to grow the Church.

Nevertheless, if the roots of our testimony never grow deeper than that, what will happen when we move to a ward that meets in a less impressive building, with members who aren't so friendly, and the bishop says something that offends us?

Another example: Doesn't it seem reasonable to hope that if we keep the commandments and are sealed in the temple, we will be blessed with a large, happy family with bright, obedient children, all of whom stay active in the Church, serve missions, sing in the ward choir, and volunteer to help clean the meetinghouse every Saturday morning?

I certainly hope that all of us will see this in our lives. But what if it doesn't happen? Will we stay bound to the Savior regardless of circumstances—trusting Him and His timing?

We must ask ourselves: Is my testimony based on what I hope to happen in my life? Is it dependent on the actions or attitudes of others? Or is it firmly founded on Jesus Christ, "rooted and built up in him," regardless of life's changing circumstances?

Traditions, Habits, and Faith

The Book of Mormon tells of a people who "were strict in observing the ordinances of God." But then a skeptic named Korihor came along, mocking the Savior's gospel, calling it the "foolish" and "silly traditions of their fathers." Korihor led "away the hearts of many, causing them to lift up their heads in their wickedness." But others he could not deceive, because to them, the gospel of Jesus Christ was much more than a tradition.

Faith is strong when it has deep roots in per-

pagtiyak na matatag tayong nakaugat kay Cristo.

Halimbawa, sa simula, maaaring naaakit tayo sa ebanghelyo ng Tagapagligtas at sa Simbahan dahil humahanga tayo sa mababait na miyembro o sa butihing bishop o sa malinis na itsura ng kapilya. Totoong mahalaga ang mga ganitong kaganapan sa paglaki ng Simbahan.

Gayunman, kung hindi kailanman magka-kaugat ang ating patotoo nang mas malalim kay-sa ryan, ano ang mangyayari kung malilipat tayo sa isang ward na hindi gaanong maganda ang gusali, na hindi palakaibigan ang mga miyembro, at may bagay na sinasabi ang bishop na nakasasakit sa atin?

Isa pang halimbawa: Hindi ba makatwirang umasa na kung sinusunod natin ang mga kautusan at nabuklod sa templo, pagpapalain tayo ng malaki at masayang pamilya na may matatalino, masunuring mga anak, na mananatili silang lahat na aktibo sa Simbahan, magsisipaglingkod sa misyon, kakanta sa ward choir, at boluntaryong tutulong sa paglilinis ng meetinghouse tuwing Sabado ng umaga?

Talagang umaasa ako na mararanasan nating lahat ito sa ating buhay. Ngunit paano kung hindi ito mangyari? Mananatili ba tayong nakabigkis sa Tagapagligtas anuman ang mangyari—magtitiwala sa Kanya at sa Kanyang takdang panahon?

Dapat nating tanungin ang ating sarili: Nakabatay ba ang aking patotoo sa inaasahan kong mangyayari sa buhay ko? Nakasalalay ba ito sa mga ginagawa o asal ng ibang tao? O matatag itong nakasalig kay Jesucristo, "nakaugat at nakatayo sa kanya," magbago man ang ating mga sitwasyon sa buhay?

Mga Kaugalian, Gawi, at Pananampalataya

Ikinuwento sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa mga tao na "mahigpit sa pagpapatupad ng mga ordenansa ng Diyos." Ngunit kasunod nito, isang taong mapag-alinlangan na nagngangalang Korihor ang dumating na kinukutya ang ebanghelyo ng Tagapagligtas, tinatawag itong "kahibangan" at "hangal na kaugalian ng kanilang mga ama." Inakay ni Korihor "palayo ang puso ng marami, naging dahilan upang itaas nila ang kanilang ulo sa kanilang kasamaan." Subalit ang iba ay hindi niya nalinlang, dahil para sa kanila, ang ebanghelyo ni Jesucristo ay higit pa sa isang tradisyon.

Ang pananampalataya ay malakas kapag may

sonal experience, personal commitment to Jesus Christ, independent of what our traditions are or what others may say or do.

Our testimony will be tested and tried. Faith is not faith if never tested. Faith is not strong if never opposed. So don't despair if you have trials of faith or unanswered questions.

We should not expect to understand everything before we act. That is not faith. As Alma taught, "Faith is not to have a perfect knowledge of things." If we wait to act until all of our questions are answered, we severely limit the good we can accomplish, and we limit the power of our faith.

Faith is beautiful because it persists even when blessings don't come as hoped for. We can't see the future, we don't know all the answers, but we can trust Jesus Christ as we keep moving forward and upward because He is our Savior and Redeemer.

Faith endures the trials and the uncertainties of life because it is firmly rooted in Christ and His doctrine. Jesus Christ, and our Father in Heaven who sent Him, together constitute the one undeviating, perfectly reliable object of our trust.

A testimony is not something that you build once and it stands forever. It's more like a tree that you nourish constantly. Planting the word of God in your heart is only the first step. Once your testimony starts to grow, then the real work begins! That's when you "nourish it with great care, that it may get root, that it may grow up, and bring forth fruit." It takes "great diligence" and "patience with the word." But the Lord's promises are sure: "Ye shall reap the rewards of your faith, and your diligence, and patience, and long-suffering, waiting for the tree to bring forth fruit unto you."

malalim na ugat ito sa personal na karanasan, personal na pangako ng katapatan kay Jesucristo, malaya sa anumang tradisyon natin o malaya sa anumang sasabihin o gagawin ng iba.

Ang ating patotoo ay susubukan at patutunayan. Hindi pananampalataya ang pananam-palataya kung hindi pa ito dumaan sa pagsubok. Hindi pa malakas ang pananampalataya kung hindi pa ito nasubok. Kaya huwag panghinaan ng loob kung sinusubok ang inyong pananampalataya o may mga tanong kayo na hindi masagot.

Hindi dapat umasang mauunawaan natin ang lahat ng bagay bago tayo kumilos. Hindi iyan pananampalataya. Tulad ng itinuro ni Alma, "Ang pananampalataya ay hindi ang pagkakaroon ng ganap na kaalaman sa mga bagay." Kung hihintayin muna nating masagot ang ating mga tanong bago tayo kumilos, labis nating nililimitahan ang mabuting bagay na maisasakatuparan natin, at nililimitahan natin ang kapangyarihan ng ating pananampalataya.

Kahanga-hanga ang pananampalataya dahil nananatili ito kahit hindi dumarating ang mga pagpapala gaya ng inaasahan. Hindi natin nakikita ang hinaharap, hindi natin alam ang lahat ng sagot, ngunit mapagkakatiwalaan natin si Jesucristo habang patuloy tayong kumikilos pasulong at paitaas dahil Siya ang ating Tagapagligtas at Manunubos.

Kinakaya ng pananampalataya ang mga pagsubok at kawalang-katiyakan ng buhay dahil matibay na nakaugat ito kay Cristo at sa Kanyang doktrina. Si Jesucristo, at ang ating Ama sa Langit na nagsugo sa Kanya, ay magkasamang hindi lumilihis, ganap na maaasahang mga nilalang na mapag-uukulan ng ating tiwala.

Ang patotoo ay hindi bagay na minsan lamang ninyong bubuuin at hindi na ito matitinag kailanman. Mas katulad ito ng isang puno na tuluy-tuloy na inaalagaan ninyo. Ang pagtatanim ng salita ng Diyos sa inyong puso ay unang hakbang pa lamang. Kapag nagsimula nang tumubo ang inyong patotoo, dito pa lamang nagsisimula ang tunay na gawain sa paglalago dito! Kapag "buong kalingang alagaan mo ito, magkakaugat ito, yayabong ito, at magkakabunga." Nangangailangan ito ng "lubos na pagsusumigasig" at "pagtitiyaga sa salita." Ngunit tiyak ang mga pangako ng Panginoon: "Inyong aanihin ang mga gantimpala ng inyong pananampalataya, at inyong pagsisikap, at pagtitiyaga, at mahabang pagtitiis,

My dear brothers and sisters, my dear friends, there's a part of me that misses the old Zwickau chapel and its stained-glass windows. But over the past 75 years, Jesus Christ has led me on a journey through life that is more thrilling than I could ever have imagined. He has comforted me in my afflictions, helped me to recognize my weaknesses, healed my spiritual wounds, and nourished me in my growing faith.

It is my sincere prayer and blessing that we will constantly nourish the roots of our faith in the Savior, in His doctrine, and in His Church. Of this I testify in the sacred name of our Savior, our Redeemer, our Master—in the name of Jesus Christ, amen.

sa paghihintay sa punungkahoy na magbigay ng bunga sa inyo.”

Mahal kong mga kapatid, mahal kong mga kaibigan, may bahagi sa puso ko ang nalulungkot sa pagkawala ng lumang kapilya sa Zwickau at ang mga stained-glass window nito. Ngunit sa loob ng 75 taon, ginabayan ako ni Jesucristo sa aking paglalakbay sa buhay na higit na kapana-panabik na hindi ko kailanman inakala. Inaliw Niya ako sa aking mga paghihirap, tinulungan akong matukoy ang aking mga kahinaan, pinagaling ang aking espirituwal na mga sugat, at inalagaan ako sa aking lumalagong pananam-palataya.

Taos-puso kong dalangin at basbas na nawa'y patuloy nating pangalagaan ang mga ugat ng ating pananampalataya sa Tagapagligtas, sa Kanyang doktrina, at sa Kanyang Simbahan. Ito ay pinatotohanan ko sa sagradong pangalan ng ating Tagapagligtas, ating Manunubos, ating Maestro—sa pangalan ni Jesucristo, amen.